IB DIPLOMA PROGRAMME
PROGRAMME DU DIPLÔME DU BI
PROGRAMA DEL DIPLOMA DEL BI

**PILIPINO A1 – STANDARD LEVEL – PAPER 1**
**PILIPINO A1 – NIVEAU MOYEN – ÉPREUVE 1**
**FILIPINO A1 – NIVEL MEDIO – PRUEBA 1**

Tuesday 21 May 2002 (afternoon)
Mardi 21 mai 2002 (après-midi)
Martes 21 de mayo de 2002 (tarde)

1 hour 30 minutes / 1 heure 30 minutes / 1 hora 30 minutos

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Write a commentary on one passage only. It is not compulsory for you to respond directly to the guiding questions provided. However, you may use them if you wish.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- Ne pas ouvrir cette épreuve avant d'y être autorisé.
- Rédiger un commentaire sur un seul des passages. Le commentaire ne doit pas nécessairement répondre aux questions d'orientation fournies. Vous pouvez toutefois les utiliser si vous le désirez.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Escriba un comentario sobre un solo fragmento. No es obligatorio responder directamente a las preguntas que se ofrecen a modo de guía. Sin embargo, puede usarlas si lo desea.

*Sumulat ng komentaryo sa isa sa dalawang sumusunod na teksto:*

**1.** (a)

Hindi talaga ang korona ang problema, kundi kung saang okasyon niya iyon isusuot. Hindi pwede sa ati-atihan. Hindi pwede sa pagsisimba, lalu namang hindi bagay sa pagsya-shopping. Saka na niya iyon iisipin. Pasasaan ba't magkakaroon din ng isang natatanging okasyon sa buhay niya. Nang meyor na ang asawa niya, lihim niyang ipinagawa ang tiara sa isang mahusay na alahero sa Meycauayan. Isang tambak na brilyantitos ang ipinabudbod niya roon. Saka yung purong ginto, yung lantay, yung orihinal. Natahimik lang siya nang malamang kahit pala yung korona ni Reyna Elizabeth ay hindi puro. Malambot po kasi yon, kaya hinahaluan.

Nang mayari na ang korona, ilang araw at gabi ring hindi nagpakita si misis sa munisipyo. Nagkukulong daw ng kwarto. Baka raw may sakit, o baka nasa Hong Kong. Baka naman isinugod sa mental hospital. Mali silang lahat. Natutuwa lamang si misis sa kanyang bagong laruan. Hubad-suot ang ginawa niya sa korona habang nakaharap sa salamin. Tinititigan niya nang malapitan. Kung hindi makuntento ay sa malayo naman niya iyon pinagmamasdan. Hanggang mabuo ang kanyang duda sa sarili. Kulang ang kanyang tiara. Maganda nga, pero kulang. Babalik siya sa Meycauayan para magpagawa ng hikaw, singsing, kwintas at pulseras na katerno ng kanyang tiara. Sasabihin niya sa alahero na ganoon katindi ang panata niya sa mahal na birhen. Magpapasukat siya ng mga kailangan, sasabihin niyang huwag isukat sa isang pandak na birhen, kundi sa birheng kasing taas at kasing katawan niya. Huwag gawing mukhang mumurahin ang mga alahas, marangal na birhen ang magsusuot noon. Napakarangal.

"*Etsa-puwera"* ni Jun Cruz Reyes, 2000

- Isaalang-alang ang istilong ginamit ng awtor upang maging malinaw ang pangunahing idea at mensaheng nais niyang ipakita. Ipokus ang sagot sa pananalita, mga simbolismo, at imaheng nakapaloob sa teksto.

- Gaano naging mabisa ang mga pamamaraang ginamit ng awtor upang matamo ang kanyang layunin?

- Sa pamamagitan ng mga kasangkapang pampanitikan, hanggang saan nagawa ng awtor na maging kawili-wiling basahin at nakapagpapaisip ang teksto?

- Anong mga sarili mong paniniwala na may kaugnayan sa paksa ang nabago o labong napagtibay ng paksa? Ipaliwanag.

**1.** (b)

Kapirasong batong tinitisud-tisod
ng bata ay aking napansi't dinampot -
maaaring galing sa atay ng bundok
o kaya'y sa dibdib ng bulkang pumutok.

Kapirasong batong pinaglalaruang
pamato ng bata'y aking pinagmasdan -
maaaring talsik ng bato sa ilang
at buhat sa isang gusaling natanghal.

Di talos ng batang ang hawak na bato
ay munting bahagi ng sangkalikasan;
pag ito'y dumami't nabuong kalakhan
ay bundok at bulkang katatakutan mo.

Di batid ng batang ang pamatong yaon
ay isang bahagi ng isang panahon
at sa kasaysayan ay naiwang bakas
ng bansang sumulong sa kanyang pag-unlad.

Ang isip ng tao'y kung paris ng tigas
ng batong tumalsik, batong pag nag-umpog
sa kapuwa-bato'y magdidiwang-pantas -
maningning ang kanyang liwanag na handog.

Kaya lunggatiing ang kaiyuhan mo -
munti mang bahagi ng sangkalikasa'y
matutong gumaya sa tipak ng batong
talsik na makislap ang ibinibigay.

0 kaya'y gumulong na tulad ng ganyang
sa balat ng lupa ay may kagamitan:
ang taong wala nang sukat na paglagyan -
bato nga ay batong bato namang patay.

"*Ang Bato*" ni Vedasto Suarez, 1963

– Anong mga ideya o kaisipan ang inilalahad sa tula at paano nilinang ang mga ito?

– Talakayin ang mga tayutay na ginamit ng awtor at ipakita kung paano nakatulong ang mga ito sa pagpapa lutang ng kahulugan ng tula at pagiging makapangyarihan nito.

– Ano sa tingin mo ang magagandang katangian ng tula? Sa anong katangian ka higit na naakit? Bakit?

– Ano ang naging reaksyon mo sa mensaheng nakapaloob sa huling saknong? Ipaliwanag.